


# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: “Karapatang Tatamasahin: Kaakibat ay Tungkulin”



## **Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Ikaapat na Markahan Modyul 3– “Karapatang Tatamasahin, Kaakibat ay Tungkulin” Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Emma A. Jadie
<b>Editor:</b>	Jerry P. Ramirez at Ma. Leilani R. Lorico
<b>Tagasuri:</b>	Ana N. Calisura
<b>Tagaguhit:</b>	
<b>Tagalapat:</b>	Edsel D. Doctama, Katherine Obrero Cordora
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad
	Francisco B. Bulalacao Jr.
	Grace U. Rabelas
	Ma. Leilani R. Lorico
	Imelda R. Caunca
	Marites B. Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V BICOL**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

## **Ikaapat na Markahan – Modyul 3:**

### **“Karapatang Tatamasahin: Kaakibat ay Tungkulin”**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

May mga karapatan ang mamamayang Pilipino na isinabatas para sa matiwasay na pamumuhay ng bawat isa. Ngunit ang mga karapatan natin ay may mga kaakibat na tungkulin ding dapat sundin. Ang mga tungkuling ito ay mahalaga para sa kaunlaran ng ating sarili at ng ating bansa. Gaano kaya kahalaga ang pagtugon sa ating mga tungkuling kaakibat ng ating mga karapatan?

Lubos mong mauunawaan at mapahalagahan ang pagtupad sa ating mga tungkulin sa pamamagitan ng modyul na ito. Basahin at unawain ang mga pamantayan sa loob ng 5 minuto.

### **Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pang-unawa at pagpapahalaga sa kanyang mga karapatan at tungkulin bilang mamamayang Pilipino.

### **Pamantayan sa Pagganap:**

Ang mag-aaral ay nakikilahok sa mga gawaing pansibiko na nagpapakita ng pagganap sa kanyang tungkulin bilang mamamayan ng bansa at pagsasabuhay ng kanyang karapatan.


Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natatalakay ang konsepto ng karapatan at tungkulin;
2. Natutukoy ang mga tungkuling kaakibat ng mga karapatan;
3. Napapahalagahan ang pagtupad sa mga tungkulin.



Kamusta kaibigan? Narito akong muli upang gabayan ka sa iyong pagkatuto gamit ang modyul na ito. Sabay nating tuklasin ang bagong aralin.

Basahin at unawain ang usapan nina Tengteng at ng kanyang kaibigan.



Pareng Tengteng, maaari bang makautang, pambili lang ng pagkain ng mga anak ko.

Sige, Pare, pauutangin kita. Pero sana maging responsable ka sa pagbabayad. Maghanap ka na rin ng trabaho para hindi ka na mangutang.

Pasensya ka na, Pare. Pero, alam ko namang hindi mo ako ipakukulong sakaling hindi ako makabayad ng utang sa iyo, hindi ba?

Source AP4 LM p.354

Ang usapan ng magkaibigan ay nagpapakita ng pagkakaroon ng tungkulin ng mga tao sa kanyang kapwa sa oras ng pangangailangan gaya ng pagpapautang. Subalit sa kabila nito ay may tungkulin din ang pinautang na magbayad sa takdang oras na kanyang ipinangako.



Ano-ano pa kaya ang iba't ibang tungkuling kaakibat ng karapatan ng mga tao sa ating lipunan?  
Alamin ang sagot dito sa gabay ng Modyul na ito.  
Bago ka magsimula, subukin mo muna ang iyong kaalaman tungkol sa iyong mga tungkulin sa kapwa, sa sarili, sa bayan at sa Diyos.



## **Subukin**

Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga bilang isang mamamayan ng ating bansa?
  - A. Ipagtatanggol ko ang kalayaan ng ating mga karatig-bansa.
  - B. Ipagmamalaki at tatangkilikin ko ang kultura ng ating bansa.
  - C. Yayakapin ko ang kultura ng ibang bansa at ikakahiya ang sarili kong kultura.
  - D. Tatangkilikin ko ang produkto ng ibang bansa dahil mas maganda ang mga ito kaysa produktong Pilipino.
2. Itinuturing na mga buhay na bayani ang mga frontliners na katuwang ng pamahalaan sa paglaban sa COVID-19. Anong tungkulin ang ipinakikita ng mga frontliners?
  - A. Tungkulin sa bansa
  - B. Tungkulin sa sarili
  - C. Tungkulin sa Diyos
  - D. Tungkulin sa watawat ng Pilipinas
3. Si Ana ay naglalakad nang marinig niya ang pagtugtog ng Lupang Hinirang sa kaharap na paaralan ng bahay nila. Ano ang nararapat niyang gawin?
  - A. Manatiling naglalakad
  - B. Huwag lamang itong pansinin
  - C. Magtago sa isang sulok at hintayin na matapos ito
  - D. Tumayo nang tuwid at tumingin sa watawat habang inaawit ang “Lupang Hinirang”.

4. Tungkulin ng bawat mamamayan na sumunod sa batas na ipinatutupad sa bansa. Bakit nagtatakda ang pamahalaan ng mga batas?
- A. upang magkaroon ng seguridad
  - B. upang maging mapayapa ang lugar
  - C. upang maging maunlad ang pamumuhay
  - D. Lahat ng nabanggit ay tama
5. Bilang bata at mag-aaral ay kailangan mong makipagtulungan sa mga programa at proyekto ng pamahalaan upang makamit ang pag-unlad nito. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pakikilahok sa iba't ibang proyekto ng pamahalaan gaya ng pangangalaga sa mga likas na yaman, kampanya laban sa ipinagbabawal na gamot at iba pa. Anong tungkulin ang ipinahihiwatig ng pahayag na ito?
- A. Paggalang sa watawat
  - B. Pagtatanggol sa bansa
  - C. Paggalang sa karapatan ng iba
  - D. Pagsunod sa batas at paggalang sa maykapangyarihan
6. Si Ramon ay may karapatang bomoto dahil siya ay nasa tamang edad na. Ano ang nararapat niyang gawin bilang isang mabuting botante?
- A. Iboto lang ang namimigay ng pera.
  - B. Iboto ang taong karapat-dapat sa tungkulin.
  - C. Iboto ang kanyang pinsan kahit na may masamang rekord sa barangay
  - D. Iboto ang kanyang ninong sa kasal kahit alam niyang wala itong sapat na kakayahan sa tinatakbuhang katungkulan
7. Napag-aralan mo sa iyong Araling Panlipunan na asignatura na ang lahat ay may karapatang magsalita at magpahayag ng saloobin. Ang mga mamamayang Pilipino ay may karapatang magpahayag ng kanilang mga saloobin ayon sa batas. Ano ang iyong tungkulin kaugnay ng nasabing karapatan?
- I. Magsasabi ako ng katotohanan.



- II. Sasagot-sagotin ko ang aking mga magulang kapag ako ay pinagagalitan.
- III. Pagsasabihan ko ng hindi maganda ang mga kaibigan sa tuwing ako ay natatalo sa laro.
- IV. Magsasalita ako nang hindi nakasasakit at nakasisira sa pagkatao ng aking kapuwa.

A. I at II      B. III at IV      C. I at III      D. I at IV

8. Kilala si Boyet sa kanilang barangay na isang batang palaaway. Nawalan siya ng mga magulang dahil sa bagyong Ondoy. Sa kabila ng kaniyang pagiging matigas ang ulo, inampon pa rin siya ng kaniyang kapitbahay. Ano ang dapat niyang gawin?

- A. Magpakabait at sumunod sa mga tagubilin ng nag-ampon sa kaniya.
- B. Magpakita ng kabaitan sa nag-ampon sa kaniya ngunit hindi sa ibang tao.
- C. Maglayas sa bahay ng nag-ampon dahil hindi niya magawa ang nais niyang gawin.
- D. Ipagpatuloy ang pagiging pala-away dahil kailangan nilang tanggapin kung sino siya.

9. Ang pamilya ni Allan ay kilala at iginagalang sa kanilang lugar dahil ang kaniyang mga magulang ay nagtayo ng isang samahan na tumutulong sa mahihirap. Ano ang dapat niyang gawin?

- I. Tumulong sa samahan na itinayo ng kaniyang mga magulang.
- II. Ingatan ang kanilang pangalan sa pamamagitan ng pagiging mabuting tao.
- III. Gawin ang mga naisin kahit makasira ito sa pangalan ng kaniyang pamilya.
- IV. Pumunta sa ibang bansa upang hindi madungisan ang pangalan ng kaniyang pamilya.

A. I at II      B. II at III      C. I at IV      D. III at IV

10. Si Mang Poleng ay naakusahan sa korte sa salang pamamaslang. Wala siyang pambayad sa abogado kaya binigyan siya ng abogadong magtatanggol sa kaniya. Ano ang dapat niyang gawin?
- A. Magpahanap ng isang sikat na abogado.
  - B. Sabihin sa abogado ang totoong nangyari.
  - C. Gumawa ng ibang kuwento ukol sa pangyayari.
  - D. Tanggihan ang abogado dahil kaya niya namang ipagtanggol ang sarili.

**Aralin**


**1**

**“Karapatang Tatamasahin,  
Kaakibat ay Tungkulin”**



***Balikan***

Magbalik-aral ka muna sa pamamagitan ng pagsulat ng karapatan ng mga bata na ipinapakita sa bawat larawan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.




## ***Tuklasin***

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Iugnay ang iyong sagot sa mga karapatang tinatamasa ng mga mamamayang Pilipino. Buuin ang isang salita mula sa mga titik sa ibaba na siyang paksa na ating pag-aaralan sa modyul na ito. Gawin ito sa loob ng 1 minuto sa iyong sagutang papel.



## NGKUILNTU

Ano ang nabuo mong salita?  
Ano ang kaugnayan nito sa  
mga karapatang tinatamasa  
ng bawat mamamayan?



Ano-ano ang mga tungkulin ng  
mamamayan kaugnay ng kanilang  
tinatamasang karapatan?  
(Gawin sa loob ng 10 minuto sa  
iyong sagutang papel.)



## ***Suriin***

Ang mga larawan sa Tuklasin ay nagpapakita ng mga tungkulin na dapat gampanan ng bawat mamamayan sa kaniyang sarili, sa kapuwa at sa bansa. Ang bawat karapatan na tinatamasa ng bawat mamamayan ay may kaugnay na tungkulin na dapat gampanan. Ilan sa mga tungkulin ng isang mamamayan ay ang pagmamahal sa bayan, pagtatanggol sa bansa, pagsunod sa mga batas, paggalang sa watawat at mga namumuno, pakikipagtulungan sa pamahalaan at paggalang ng karapatan ng iba.

Ang bawat mamamayan ay may karapatang pinangangalagaan ng ating mga batas. Mahalaga mo ring maunawaan na may hangganan ang mga karapatang ito at may mga tungkulin din tayong dapat tuparin para sa sarili, kapuwa at sa bansa. Dapat na maging responsable ang lahat ng mga mamamayan upang mapabuti at mapanatiling matiwasay ang pamayanan. Makatutulong din ang pagiging mapanagutan ng mga mamamayan sa pag-unlad ng ating bansa.



### ***1. Tungkulin sa bayan/bansa***

- Tungkulin ng bawat isa na maging tapat sa bayan at pangalagaan ang kapakanan nito.
- Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na ipagtanggol ang bansa.

Pakikipaglaban para sa Kalayaan



## 2. *Tungkulin sa pamahalaan*

Tungkulin ng mamamayan na makipagtulungan sa mga programa at proyekto ng pamahalaan upang makamit ang pagunlad.

Pakikilahok sa Clean and Green Program ng pamahalaan



## 3. *Tungkulin sa iba/kapwa*

- Tungkulin nating igalang ang karapatan ng iba.
- Tungkulin nating hindi gumawa ng mga bagay na makasisira sa kapayapaan at kaligayahan ng ating kapuwa.

Pagpapakita ng paggalang sa iba gaya ng pagpila sa pagbili sa botika



## 4. *Tungkulin sa Sarili*

- Tungkulin nating alagaan ang ating sarili.
- Tungkuling paunlarin ang ating buhay at pag-aaral

Pagpapaunlad ng sarili



## 4. *Tungkulin sa Diyos*

- Tungkulin ng bawat isa na magpakita ng pagmamahal at pananampalataya sa Puong Maykapal
- Tungkuling sumunod sa mga alituntunin ng inanibang relihiyon

Pagpapakita ng pananampalataya Sa Diyos


Narito ang ilan sa mga karapatan at kaakibat na tungkulin na dapat nating pakatandaan.

Sa bawat karapatan na ating tinatamasa ay may pananagutan tayong dapat gampanan. Ang ilan sa mga ito ay mababasa sa talahanayang nasa ibaba.

<b>Mga Karapatan ng mga Mamamayan</b>	<b>Mga Kaugnay na Tungkulin</b>
Mabuhay at maging malaya	Magtrabaho upang kumita para sa mga pangangailangang pansarili at para sa pamilya
Bumoto sa tamang gulang	Piliin ang mga taong karapat-dapat sa panunungkulan
Mamili at umanib sa anomang relihiyon	Sumunod sa mga alituntunin ng inanibang relihiyon Igalang ang pananampalataya ng iba
Magkaroon ng mga ari-arian	Mapangalagaan ang ari-arian
Magsalita at magpahayag ng saloobin	Magpahayag nang hindi nakasasakit o nakasisira sa pagkatao ng kapuwa Magsabi ng katotohanan
Bumuo o sumapi sa isang samahan	Maging mabuting kasapi ng samahan at kapaki-pakinabang sa lipunan
Pumili ng propesyon o hanapbuhay	Gampanan nang buong husay ang napiling propesyon o hanapbuhay

May mga halimbawa ka pa bang naisip tungkol sa karapatan ng mga mamamayan at ang mga kaugnay nitong mga tungkulin?





## ***Pagyamanin***

### **Gawain A**

Piliin ang angkop na tungkulin ng mamamayan na inilalarawan sa bawat sitwasyon sa pamamagitan ng pagguhit ng simbolo sa iyong sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 3 minuto.



Pagmamahal sa bayan



Paggalang sa karapatan ng iba



Pagsunod sa batas



Paggalang sa watawat



Pagtatanggol sa bansa



Pakikipagtulungan sa pamahalaan

1. Masayang nakikilahok si Marie sa programang “Tapat Ko, Linis Ko” ng kanilang barangay.
2. Hindi pumayag si Jojo sa udyok ng kaniyang mga kaibigan na mangupit sa tindahan ng kaniyang tito.
3. Buong galang at pagmamalaking inaawit ni Rosa ang pambansang awit sa tuwing ito ay kanyang naririnig.
4. Sa tuwing bumibili ng sapatos si Luna ay palagi niyang pinipili ang mga yari sa Marikina dahil bukod sa magaganda na ay matitibay pa ang mga ito.
5. Si Henry ay sumali sa isang samahan na nagtataguyod ng turismong Pilipino upang makapaghikayat ng dayuhang turista sa bansa.



## Gawain B

Basahin at unawin ang tanong sa bawat bilang. Isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa loob ng 3 minuto.

1. Nakita mong may kodigo ang iyong kaklase habang kayo ay may pagsusulit. Ano ang dapat mong gawin?
  - A. Magsasawalang-kibo na lang ako sa ginawa ng aking kaklase.
  - B. Makikikopya ako upang mataas ang makuha kong marka.
  - C. Sasabihan ko siya na hindi tama ang kanyang ginagawa.
  - D. Isusumbong ko siya sa aming guro kung hindi niya ako pakokopyahin.
2. Nagdudulot ng mabahong amoy at usok ang pagawaan ng plastik sa isang barangay. Kung isa ka sa mga opisyal ng nasabing barangay, ano ang dapat mong gawin?
  - A. Pagalitan ang may-ari ng pagawaan.
  - B. Ipaalam ito sa tanggapan ng punong lungsod o munisipyo.
  - C. Pulungin ang mga kabarangay at magrali sa tapat ng pagawaan.
  - D. Huwag na lang pansinin dahil hindi naman umaabot ang amoy sa bahay ninyo.
3. Si Juan ay dating pulis ngunit siya ay nagretiro na. Isang araw, nagkaroon ng kaguluhan sa kanilang barangay. Ano ang dapat gawin ni Juan?
  - A. Pagpapaluin ang mga nanggugulo.
  - B. Habulin ang lahat ng mga nanggulo sa lugar.
  - C. Huwag na itong pakialaman dahil hindi na siya pulis.
  - D. Awatin ang mga nanggugulo at tumawag ng ibang pulis.

4. May proyekto sa inyong barangay ukol sa pagre-*recycle* ng mga basura. Marami kayong iba't ibang basura sa inyong bahay. Ano ang iyong gagawin?
- A. Hahayaan ko ang mga basura sa bahay.
  - B. Dadalhin ko ang mga basura sa barangay upang i-*recycle*.
  - C. Ipagbibili ko ang mga basura sa *junk shop* para kumita ng pera.
  - D. Hihintayin ko ang trak ng basura para kunin ang mga basura.
5. Nagmamadali ka patungong paaralan dahil mahuhuli ka na. Para makatawid sa kalsada, kailangan mo munang maghintay sa hudyat na maaari na kayong tumawid. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Sasabayan ko ang ibang taong tumatawid kahit wala pang hudyat sa tamang pagtawid.
  - B. Tatawid na ako dahil wala namang nakakakitang pulis.
  - C. Hihintayin ko ang hudyat sa tamang pagtawid.
  - D. Tatawid na ako kahit wala pang hudyat sa tamang pagtawid dahil mahuhuli na ako.

### **Gawain C**

Isulat sa sagutang papel ang **K** kung ang isinasaad sa bilang ay karapatan, **T** kung tungkulin at **KT** kung parehong karapatan at tungkulin. Gawin ito sa loob ng 3 minuto.

1. Umuuwi si Mila sa kanilang lalawigan upang iboto ang kandidatong karapat-dapat sa posisyon.
2. Kahit mahirap ang kanilang buhay, pinagsisikapan ni Leonor na tapusin ang kaniyang pag-aaral.
3. Nagtayo si Myrna ng isang maliit na tindahan sa harap ng kanilang bahay.

4. Nagdadala si Luna ng mga basura tuwing Martes para sa *Eco Savers Program* ng kanilang paaralan.
5. Si Lola Ofelia ay binibigyan ng diskuwento sa biniling gamot sa botika.

### **Gawain D**

Isulat sa sagutang papel ang kaakibat na tungkulin sa mga sumusunod na kalagayan. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

<b>KALAGAYAN</b>	<b>KAAKIBAT NA TUNGKULIN</b>
1. Si Anya ay tagapagbalita sa isang pahayagan.	
2. Nahalal si Joy na alkalde sa kanilang lungsod.	
3. Si Cherry ay napagkalooban ng pabahay ng pamahalaan.	
4. Namasyal sa Hongkong sina Roxanne.	
5. Nagtatag sina Aida ng isang samahan sa paaralan.	



### ***Isaisip***

Punan ng angkop na salita ang mga patlang upang makabuo ng konsepto mula sa iyong mga natutunan tungkol sa paksang aralin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.


May mga tungkulin ang bawat mamamayan na dapat \_\_\_\_\_1\_\_\_\_\_ kaugnay ng mga karapatang tinatamasa bilang mamamayan.

Kabilang sa mga tungkulin o pananagutan ng mga mamamayan ay ang mga sumusunod: \_\_\_\_\_2\_\_\_\_\_ sa bayan, \_\_\_\_\_3\_\_\_\_\_ sa kalayaan ng bansa \_\_\_\_\_4\_\_\_\_\_ sa batas at mga may kapangyarihan, \_\_\_\_\_5\_\_\_\_\_ sa pamahalaan at \_\_\_\_\_6\_\_\_\_\_ sa mga karapatan ng iba at sa watawat.

Ang bawat \_\_\_\_\_7\_\_\_\_\_ ay may katumbas na \_\_\_\_\_8\_\_\_\_\_ na dapat gampanan para sa \_\_\_\_\_9\_\_\_\_\_ ng sarili, upang maging mapayapa ang pamayanan, at upang maging kaagapay ng bansa sa \_\_\_\_\_10\_\_\_\_\_.



Alam kong marami ka na namang nalaman tungkol sa mga tungkulin ng isang mamamayan. Inaasahan kong maisabuhay mo ang iyong natutunan sa ating aralin.



## ***Isagawa***

Basahin ang bawat sitwasyon at tanong sa ibaba. Isulat ang kaugnay na tungkulin sa iyong sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.


1. Ang ating pamahalaan ay naglalaan ng badyet para sa libreng edukasyon ng mga mamamayan. Paano mo ito mapahahalagahan?
2. Ang mga mamamayan ay may kalayaang maglakbay sa ibang panig ng Pilipinas at mundo. Ano-anong mga tungkuling kaugnay ng karapatang ito?



## ***Tayahin***

### **Pagtataya A:**

Punan ang graphic organizer ng iyong mga tungkulin ayon sa iyong mga karapatan. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 na minuto.



### **Pagtataya B:**

Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Masayang nagkukuwentuhan sina Mercy at Sam. Sa kabilang silid ay natutulog ang may-sakit nilang kapatid. Ano ang pinakamabuti nilang gawin?
  - A. Itigil na nila ang kanilang kuwentuhan.
  - B. Ituloy ang kasayahan dahil karapatan nilang maging masaya.
  - C. Hinaan ang kanilang mga boses upang hindi makaabala sa maysakit.
  - D. Ituloy ang kuwentuhan dahil karapatan nilang ihayag ang kanilang damdamin.
  
2. Madalas na walang pambili ng pagkain si G. Tonyo para sa kaniyang pamilya dahil wala siyang trabaho. Ano ang dapat niyang gawin?
  - A. Magpalimos sa daan.
  - B. Magsawalang kibo na lamang
  - C. Maghintay ng tulong na ibibigay
  - D. Maghanap ng pagkakakitaan.

3. Ibinili si Rhoa ng kaniyang tatay ng bagong *gadget*. Dahil sa kasabikan ay araw-araw niya itong ginagamit sa paglalaro. Tama ba ang ginagawa ni Rhoa?
- A. Oo, dahil karapatan niyang maglaro.
  - B. Hindi, dahil baka masira agad ang laruan.
  - C. Oo, dahil ngayon lang siya nagkaroon ng *gadget*.
  - D. Hindi, dahil kailangan niya ring mag-aral at tumulong sa gawaing bahay.
4. Dahil hindi kayang pag-aralin ng kaniyang mga magulang si Ludy, sinagot ng kaniyang tita sa Maynila ang kaniyang matrikula. Hindi kasama rito ang iba pang gastusin gaya ng pamasaha at mga gamit sa pag-aaral. Ano kaya ang maaari niyang gawin?
- A. Huminto na lang sa pag-aaral.
  - B. Mag-aral sa umaga at mamalimos sa gabi.
  - C. Maghanap ng pagkakakitaan upang masuportahan ang pag-aaral.
  - D. Pilitin ang kaniyang tita na bigyan siya ng karagdagang pera.
5. Binibigyan ng pera si Ana bilang pambaon sa kanyang pag-aaral ng kanyang ina. Lagi siyang pinaaalalahanan na masustansiyang pagkain ang kanyang bilhin sa kantina. Ano ang dapat gawin ni Ana?
- A. Ibili ng laruan ang pera dahil kakaunti lamang ang kaniyang mga laruan.
  - B. Bumili ng sopas at tinapay dahil tungkulin niyang sumunod sa kaniyang mga magulang.
  - C. Bumili ng *junk food* dahil masustansiyang pagkain naman ang lagi niyang kinakain sa bahay.
  - D. Ibayad ang pera sa *computer shop* dahil hindi siya papayagang maglaro nito pag-uwi ng bahay.



## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng poster na nagpapakita ng iyong mga karapatan bilang isang mag-aaral. Ipakita ang iyong nagawa sa iyong magulang o nakatatandang kapatid upang bigyan ng angkop na marka. Gawin ito sa loob ng 5 minuto sa isang buong papel.






Rubrik sa paggawa ng poster:

Puntos	Pamantayan
5	Kumpleto ang detalye at napakalinaw ng mensahe ng poster na iginuhit.
4	May sapat na detalye at malinaw na intensiyon sa mensahe ng Poster na iginuhit.
3	May kaisipan ngunit kulang ang detalye at di gaanong malinaw ang mensahe ng poster na iginuhit.
2	Di ganap ang pagkabuo, kulang ang detalye at di-malinaw ang mensahe ng poster na iginuhit.





## Susi sa Pagwawasto.

<p><b>Subukin:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. A</li> <li>2. A</li> <li>3. D</li> <li>4. D</li> <li>5. D</li> <li>6. B</li> <li>7. D</li> <li>8. A</li> <li>9. A</li> <li>10. B</li> </ol> <p><b>BALIKAN:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Nagpapakita ng pananampalatay a sa Diyos</li> <li>2. Masayang pamilya</li> <li>3. Batang nag-aaral</li> <li>4. Mga nagpoprotesta</li> <li>5. Mag taong bumuboto</li> <li>6. Isang propesyona</li> </ol> <p><b>Tuklasin:</b> Sagot: TUNGKULIN</p> <p><b>ISAISIP:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Gamparin</li> <li>2. Pagmamahal</li> <li>3. Pagtatanggol</li> <li>4. Pagsunod</li> <li>5. Pakikipagtulungan</li> <li>6. Pagalang</li> <li>7. Karapatan</li> <li>8. Tungkulin</li> <li>9. Ikabubuti</li> <li>10. Pag-unlad</li> </ol>	<p><b>PAGYAMANIN :</b></p> <p><b>Gawain A:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. </li> <li>2. </li> <li>3. </li> <li>4. </li> <li>5. </li> </ol> <p><b>PAGYAMANIN</b></p> <p><b>Gawain B:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. C</li> <li>2. B</li> <li>3. D</li> <li>4. C</li> <li>5. C</li> </ol> <p><b>PAGYAMANIN</b></p> <p><b>Gawain C:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. KT</li> <li>2. KT</li> <li>3. K</li> <li>4. T</li> <li>5. K</li> </ol> <p><b>Gawain D.</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Magsabi ng katotohanan</li> <li>2. Gawin nang tapat ang tungkulin</li> <li>3. Sinupin nang maayos</li> <li>4. Sundin ang mga batas</li> <li>5. Maging mabuting kasapi!</li> </ol> <p><b>TAYAHIN A</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Maging mabuting mamamayan</li> <li>2. Kumain ng masusustansiyang pagkain</li> <li>3. Mag-aral ng Mabuti</li> <li>4. Igalang ang magulang</li> <li>5. Maglaro sa tamang oras. Maglaro ng mga angkop sa iyong edad.</li> </ol> <p><b>Accept possible answers</b></p> <p><b>TAYAHIN B</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. C</li> <li>2. D</li> <li>3. D</li> <li>4. C</li> <li>5. B</li> </ol>
--	--

## ***Sanggunian***

Adriano et.al., *Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral*, Pilipinas: Vibal Group Inc. 2015 pp. 354–361

K to 12 – AP4KPB-IVc-3

Pelingo, Lazelle Rose & Sablaon, Ela Rose. ( ). *Ang Lahing Pilipino, Dakila at Marangal* 6. Rex Book Store, Inc. (pp. 49–50).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)